MENSAHE MULA SA OPISYAL NA NAMAMAHALA NG PHILIPPINE EMBASSY SA PARIS

AILEEN S. MENDIOLA-RAU
Chargé d'Affaires, *a.i.*
17 Marso 2021

Magandang araw po mga kababayan sa France at Monaco. Ako si Aileen Mendiola-Rau, ang Chargé d'Affaires ng Philippine Embassy ng Paris. Nais kong iparating na naririnig namin kayo at batid namin ang inyong mga concerns sa passport appointment system.

Bago pa man nakarating sa amin ang mga hinanaing ninyo, ilang buwan ng naipaalam na ng Embahada ang sitwasyon na ito sa Department of Foreign Affairs. Alam ito ni Secretary Locsin at pati na rin ng dati nating Ambassador na si Assistant Secretary Maria Theresa Lazaro na sya na ngayong namumuno ng DFA-Office of Consular Affairs na my saklaw sa usaping passport. Kung kaya't alam-alam ng DFA ang sitwasyon dito sa Pransya.

Ilang buwan na kaming nakikipag-ugnayan sa DFA, para mabigyan ng kapalit ang mga empleyadong natapos ang tour of duty at para makahingi ng karagdagang passport machines. Nais naming kayong i-update na ginagawa na ng DFA ang lahat para ma-facilitate itong request ng Embahada. Siguradong kapag na-address itong kahilingan namin, may makikita na tayong pagbabago.

Huwag nating kalimutang nasa gitna pa rin tayo ng panganib ng pandemya. Sa katunayan, umabot na sa halos 30,000 ang COVID-19 cases sa araw lang na ito. Sa kabuuan, mahigit sa 90,000 na ang namatay sa France, kasama na ang ilang mga kababayan natin.

Itong linggo lang na ito, maraming pasyente ang nililipat na ng ospital sa ibang departamento ng Pransya, dahil wala nang kapasidad ang mga ospital sa malalaking siyudad, lalo na ang Paris.

Kung naalala ninyo noong Mayo 2020, dahil dito sa pandemya, nag-implement ang Embahada ng appointment system para masundan ang mga regulasyon ng gobyerno ng Pransya at ng Pilipinas tungkol sa

social distancing. Alam natin na ang social distancing ay para pangalagaan ang kalusugan nating lahat.

Tuloy-tuloy ang paggamit ng appointment system simula noong Mayo. Matatandaan pa nga na noong nagkaroon ng second lockdown, nanatiling bukas ang Embahada araw-araw at lahat ng empleyado ay hindi nag-work from home. Noon pa man, hanggang ngayon, at siguradong sa kinabukasan, tuloy-tuloy ang aming serbisyo.

Katulad ng sinabi sa video message ni Ambassador Lazaro noong Setyembre, hinikayat namin kayo na kung may katanungan, concern o emergency, mag-email lamang sa paris.pe@dfa.gov.ph para matugunan nang tama ang mga ito. Sa mga dumulog sa amin, nahanapan namin ng solusyon ang kanilang mga specific concerns.

Para sa mga hindi makakuha ng maagang appointment, ang lagi naming abiso ay maari kayong mag-avail sa tatlong options: una, ang pag-apply ng extension ng passport validity, pangalawa, ang pag-apply ng travel document sa mga may emergency na kailangang umuwi sa Pilipinas at pangatlo, pag-request ng attestation ng passport appointment na maaaring ipakita sa Prefecture o sa Mairie. Naipagbigay-alam na namin sa gobyerno ng France at Monaco ang tatlong serbisyo na ito.

Sa mga kababayan na nakakuha ng email na nagsasabing pending ang inyong aplikasyon, actually, reserved na ang slot na ito para sa inyo. Sinisiguro lang namin na kumpleto ang requirements ninyo, para hindi masayang ang pagpunta ninyo sa araw ng appointment at para hindi ninyo kailangang bumalik pa.

Amin lang uulitin, direktang ipagbigay-alam sa Embahada ang inyong mga katanungan, concerns o emergency sa pamamagitan ng email at Facebook messenger para matugunan ang mga ito.

Alam naming napakahirap ng sitwasyon ngayong panahon ng pandemya. Hinihiling naming muli ang inyong malawak na pang-unawa. Maraming salamat po. Magandang araw sa inyong lahat. Stay safe and stay healthy.